

Marso 12, 2020

Mahalagang abiso mula sa Departamento ng Pag-unlad sa mga Serbisyo tungkol sa **Ang mga Pagbabago sa mga Programa na Pang-araw para sa mga Tao na may Mataas na Panganib para sa Malubhang Sakit Dahil sa COVID-19**

Ano ang Dapat malaman

Mangyaring huwag pumunta sa iyong pang-araw na programa kung ikaw ay may mataas na panganib o hindi mabuti ang kalagayan.

Ang pananatili sa tahanan ay makakatulong sa pagbaba ng iyong panganib na makakuha o makakalat ng COVID-19.

Sino ang nasa mataas na panganib

Ikaw ay nasa mataas na panganib kung ikaw ay may:

- Mahina na immune system.
- Problema sa baga o paghinga.
- Hirap na magpagaling mula sa sakit

Ikaw rin ay nasa mataas na panganib kung ikaw ay naninirahan sa:

- Isang adultong tahanan para sa mga tao na may espesyal na pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan
- Isang tahanan na nagbibigay ng patuloy na pag-aaruga.

Ang link ng buong teksto ng direktiba ng Departamento ng Pag-unlad ng mga Serbisyo:

[Gabay sa mga Konsumers sa Pang-araw na Program na Manatili sa tahanan sa may Mataas na Panganib para sa Malubhang Sakit](#)

Ang iyong mga opsyon

Ikaw ay maaaring humiling ng mga serbisyo na inihahandog sa ibang paraan, halimbawa sa pamamagitan ng telepono o bidyu

Mga Katanungan

Mangyaring makipag-ugnay sa iyong lokal na sentro ng rehiyon. Kung hindi ka nila matulungan, paki-email sa DDSC19@dds.ca.gov.

Higit pang Matuto:

Tignan ang nakalakip sa abiso tungkol sa ipinahayag ni Gobernador Gavin Newsom na Emerhensiya sa Estado dahil sa pagsiklab ng COVID-19.

Ang link ng buong teksto ng direktiba ng Departamento ng Pag-unlad ng mga Serbisyo:

[Gabay sa mga Konsumers sa Pang-araw na Program na Manatili sa tahanan sa may Mataas na Panganib para sa Malubhang Sakit](#)